Impormasyon tungkol sa Aplikasyon para sa Tulong sa ilalim ng Ordinansa sa Tulong sa Kabayaran ng mga Empleyado

Panimula

Ang Pondong Tulong sa Kabayaran ng Mga Empleyado ("ang Pondo") ay itinatag sa ilalim ng Ordinansa sa Tulong sa Kabayaran ng Mga Empleyado (Cap. 365) ("ECAO") at pinangangasiwaan ng Lupon ng Pondong Tulong sa Kabayaran ng Mga Empleyado ("ang Lupon"). Ang Pondo ay karaniwang pinopondohan ng buwis na babayaran ng mga maypagawa sa ilalim ng Ordinansa sa Buwis para sa Insurance sa Kabayaran ng Mga Empleyado (Employees' Compensation Insurance Levies Ordinance) (Cap. 411) kapag sila ay kumukuha ng insurance para sa kabayaran ng mga empleyado.

Pagiging Karapat-dapat

Mga nasugatang empleyado o mga karapat-dapat na mga miyembro ng pamilya ng namatay na empleyado na hindi nakatanggap ng kabayaran o kabayaran sa pinsala ayon sa batas kung saan ang maypagawa ay may pananagutan pagkatapos masimot ang lahat ng posibleng paraang ligal at pinansyal sa pagkuha ng kabayaran mula sa kaugnay na maypagawa .

Mga Uri ng Tulong

Ang mga sumusunod na uri ng tulong ay maaaring makuha mula sa Pondo:

(a) Kabayaran sa mga empleyadong hindi nabayaran sa mga pinsalang natamo dahil sa trabaho o pagkasawi na saklaw ng Ordinansa sa Kabayaran ng Empleyado (Cap. 282) at mga kaugnay na pakinabang;
(b) Mga gastos na natamo sa mga ligal na paglilitis sa pagkuha ng kabayaran ng empleyado; at
(c) Mga kabayaran sa pinsala ayon sa batas na hindi pa nabayaran patungkol sa naturang pinsala o pagkasawi, na babayaran sa anyo ng pagbabayad ng lunas.

Paano Gumawa ng Aplikasyon

Para sa aplikasyon ng mga hindi nabigay na kabayaran sa empleyado sa ilalim ng seksyon 16 ng ECAO, ang aplikante ay dapat magbigay ng kopya ng mga sumusunod:

(a) isang hatol o utos ng hukumang may akmang kapangyarihan sa Hong Kong;
(b) (Mga) sertipikong inisyu ng Komisyonado para sa Paggawa patungkol sa pagtatasa sa kabayaran, gastos sa medikal at pagbabalik ng bayad sa nagastos sa pagpapalibing ng namatay na empleyado, atbp.; at
(c) iba pang mga dokumento na maaaring makatulong sa Lupon sa pagsisiyasat nito.

Para sa aplikasyon para sa kabayarang tulong kaugnay sa hindi nabigay na kabayaran sa pinsala ayon sa batas sa ilalim ng seksyon 20A ng ECAO, ang aplikante ay dapat magbigay ng kopya ng mga sumusunod:

(a) isang hatol o utos ng hukumang may akmang kapangyarihan sa Hong Kong; at
(b) iba pang mga dokumento na maaaring makatulong sa Lupon sa pagsisiyasat nito.

Pagkatanggap ng aplikasyon, ang Lupon ay magsasagawa ng mga katanungang sa tingin nito ay mahalaga upang gumawa ng pagpapasya. Tungkulin ng bawat aplikante na tulungan ang Lupon at magbigay ng naturang impormasyon sa loob ng tinukoy na panahon sa kahilingan ng Lupon. Kapag nabigo ito, maaaring pagpasyahan ng lupon na ang aplikante ay hindi karapat-dapat na makatanggap ng anumang kabayaran mula sa Pondo. Bilang karagdagan, ang Lupon ay maaaring gumawa ng naturang mga katanungan o humingi ng naturang impormasyon mula sa maypagawa, tagabigay ng insurance at sinumang iba pang taong may kinalaman sa aplikasyon na itinuturing na mahalaga ng Lupon.

Abiso sa Paglilitis

Ang mga nasugatang empleyado o mga taong karapat-dapat ay magsisimula sa paglilitis sa paghahabol ng kabayaran ng empleyado sa Hukumang Pandistrito at/o sa mga pinsala sa pamamagitan ng kautusan sa Hukumang Pandistrito o Mataas na Hukuman **Sa Ilalim ng seksyon 25B(1) ng ECAO, ang taong magsisimula sa paglilitis kaugnay sa paghahabol para sa kabayaran ng empleyado o mga pinsala ay magbibigay ng abiso sa paglilitis sa Lupon at sa tagabigay ng insurance (kung naaangkop)**. Ang abiso ay dapat ipadala sa Lupon sa pamamagitan ng koreo nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos ng petsa kung saan ang aplikasyon para sa kabayaran ng empleyado o ang kautusan ay inihain sa Hukuman. Ang nasabing abiso ay dapat ipadala na nakasulat sa kaayusang tinukoy ng Lupon, nilagdaan ng tao at sinamahan ng kopya ng aplikasyon sa kabayaran ng empleyado o ng kautusan. Ang hiwalay na mga abiso kaugnay sa paglilitis sa kabayaran ng empleyado at paglilitis sa kabayaran sa pinsala ay kinakailangang ipadala sa Lupon.

Sinumang taong mabigo sa pagpapadala ng kinakailangang abiso sa Lupon sa loob ng nabanggit ng batas na panahong 30 araw ay hindi karapat-dapat para sa anumang tulong na kabayaran mula sa Pondo. Sa ilalim ng seksyon 25B(2) ng ECAO, sa natatanging mga kalagayan lamang kung saan nakumbinsi ng aplikante ang Lupon sa pamamagitan ng sulat na mayroong mabubuting kadahilanan kung bakit siya ay hindi, o nabigo sa pagpapadala sa Lupon ng abiso sa paglilitis sa loob ng itinakdang panahon saka lamang isasaalang-alang ng Lupon ang pagpapahaba ng panahon ng nasabing abiso.

Ang paghahain ng hakbang para sa kabayaran ng empleyado at/o mga pinsala sa hukuman ay maaaring samahan ng teknikal na ligal na kaalaman at mga pamamaraan ng hukuman. Upang mapangalagaan ang interes ng isang tao, ang taong naniningil ay dapat humingi ng payo mula sa ligal na propesyon, at maingat na isaalang-alang kung kanais-nais bang bilinan ang isang solicitor sa kanyang sariling gastos o sa pamamagitan ng ligal na tulong.

Natatanging Mga Kalagayan

Kung saan walang napag-alamang insurance na may bisa kaugnay sa empleyado o mga taong karapat-dapat na naghahabol ng kabayaran laban sa maypagawa, ang maypagawa o mga taong karapat-dapat ay maaaring mag-aplay sa hukuman, sa abiso sa Lupon, para sa pahintulot na magbigay ng paglilitis para sa paghahabol laban sa Lupon na parang ito ang kanyang maypagawa kung:

(a) ang maypagawa ay hindi matukoy o, kung natukoy, ay hindi matagpuan;
(b) ang maypagawa ay wala nang pambayad;
(c) ang maypagawa ay patay na o kapag isang kumpanya, ay wala na, pinapahinto o pinapawalang bisa ang rehistro; o
(d) ang maypagawa ay hindi mapapadalhan ng paglilitis sa anumang kadahilanan.

Subrogasyon

Kung saan ang kabayaran ay ginawa mula sa Pondo sa isang aplikante, ang lahat ng kanyang mga karapatan at remedyo kaugnay sa kanyang mga dapat makuha (na saklaw ng halaga ng kabayarang iyon) ay ibinigay at ipinagkaloob sa lupon. Ang lupon ay gagawa ng nasabing mga hakbang kung sa palagay nito ay nararapat na makuha mula sa kinukuwestyong maypagawa (o tagabigay ng insurance) ang bayad mula sa Pondo.

Hindi Pagsang-ayon sa Pagpapasiya ng Lupon

Ang aplikanteng hindi sang-ayon sa pagpapasiya ng Lupon kaugnay sa kanyang aplikasyon para sa kabayaran ay maaaring magsimula ng paglilitis sa hukuman sa pamamagitan ng kautusan laban sa Lupon.

Mga Pagkakasala

Sinumang taong sa pagbibigay ng impormasyon sa Lupon ay gumawa ng anumang pahayag o dokumento o tala o gumawa ng anumang deklarasyon na alam niyang hindi totoo; o sa walang makatuwirang dahilan, nabigo sa pagtupad sa anumang mga kahilingan, o tumugon sa anumang katanungang ginawa ng Lupon ay nagkamit ng pagkakasala at mananagot ng multa at pagkabilanggo.

Mga Katanungan

Ang mga katanungan kaugnay sa ECAO o sa pamamaraan ng aplikasyon para sa tulong ay maaaring gawin sa Kalihiman ng Lupon sa:

Address :	33/F, Morrison Plaza, 9 Morrison Hill Road, Wanchai, Hong Kong (MTR Causeway Bay Station Exit A, maglakad papunta sa Tin Lok Lane sa pamamagitan ng Russell Street at Wan Chai Road)
Telepono :	2116 5684
Fax :	2109 0310
Email :	contact@ecafb.org.hk
Homepage :	http://www.ecafb.org.hk

Mga Dapat Tandaan

Habang ang lahat ng pag-iingat ay isinagawa sa paghahanda ng Talaan ng Impormasyon na ito, ang mga Ordinansa ay nananatiling nag-iisang awtoridad sa probisyon ng mga ipinaliwanag na batas. Ang kabuuang sulat ng Mga Ordinansa ay na-upload sa Sistema ng Impormasyon sa Batas na Dalawahang Wika (Bilingual Laws Information System) ng Kagawaran ng Hustisya (http://www.elegislation.gov.hk).